Panahon ng Adbiyento

Season of Advent

KatoLago
www.katolago.com
www.fb.com/katolago

Ang Panahon ng ADBIYENTO o ADVENT ay ang apat na linggong paghahanda sa pagdating ni Hesus.

Karaniwan sa mga Katoliko ang gumagawa ng korona ng Adbiyento o Advent wreath na may 4 o 5 kandila na sinisindihan sa bawat linggo ng paghahanda para sa Pasko.

Kasama ng bawat pagsindi ng kandila ang panalangin ng pamilya para sa isa't isa.



Ang unang apat na kandila sa korona ay simbolo ng liwanag ni Kristong darating

Ang huling kandila ay sinisindihan sa Bisperas ng Pasko o bago mag-Noche Buena.



Ang KORONA ng Adbiyento ay gawa sa dahon ng everlasting or cypres, o mga dahong nagtatagal.

Ang bilog ay walang simula at walang katapusan, na sumismbolo sa walang hanggang pag-ibig ng Diyos.

May 3 kandilang kulay LILA. Sinisindihan ito sa una, ikalawa at ikaapat na Linggo ng Adbiyento.

Simbolo ito ng pag-asa, kapayapaan at pagmamahal

Ang mga sinaunang Korona ng Adbiyento ay may apat na kandila lamang. Ngunit sa mas modernong panahon ay nagdadagdag ng ika-5 PUTING kandila na simbolo ng pagwawakas ng ating paghahanda dahil sumapit na ang Pasko!

Ang 1 kulay ROSAS na kandila ay sinisindihan sa ikatlong linggo ng Adbiyento. Simbolo ito ng kagalakan.

Panuto: Kulayan ng mga naaangkop na kulay ang mga larawan. Sa tulong ng pamilya ay gumawa ng Korona ng Adbiyento. Maaaring gumamit ng mga recycled materials. Kung walang makitang lila at rosas ng kanila ay maaaring lagyan ng ribbon o kulayan ang paglalagyan ng mga kandila ng naaangkop na kulay